

AMA AT ANAK SA MUNDO NG KADILIMAN

Sumulat: Leonardo "Bobby" Abutin, Jr

KATEGORIYA: LIKHANG ISIP

2013

Ang aking Ama ay may iba nang kinakasama
Ang kamalasan at kahirapan kami ni Ina ang sinisisi niya
Wala siyang nakikita kung hindi ang kanyang kasipagan
Ang tingin niya kay Nanay ay isang taong parausahan

Kami bang mga anak ang bunga nang kanyang kagaguhan
Kaya ang turing niya sa amin ay kanyang manggagawa at mga dukhang alila
Sumasaya lang si ama pag pinag sisilbihan naming siya,
Pero isang maliit na pagkakamali, lumalabas ang tunay na masamang ugali

Hindi mabilang ang araw na aming inaasam-asam
Pagbabalik mo ama sa amin na tunay mong pamilya
Kung kami man ay may nagawang pagkakamali
Hindi ba dapat unawa at pagmamahal ang iyong isukli?

Pagmamahal mo bang tawagin na kami'y bigyan na lang ng pera
Responsibilidad at pagiging ama ay binabayaran na lang ba?
Kung magsalita ka ay parang utang na loob pa namin
Na ikaw ang ama na aming tinuturing

Huwag kang magkakamali na ipagkatiwala ang iyong asawa o anak na dalaga
Hindi magdadalawang isip itong si demonyong ama
Masahol pa sa ahas at hayop sa gubat
Pagsasamantalahan at lalapain ang ano mang mabibitag

Napaka banal ang tingin nang mga tao
sa ama naming na sanay mag balatkayo
Sa magkahalong husay sa pagsasalita at mga magarang pananamit
lahat kayo ay mapapasuyo at maakit.

Walang takot sa Diyos ang tingin namin sa kanya
Pero bakit ganoon palaging kong nakikitang nagdarasal siya?
Pinagsisisihan na nga ba ang mga kawalang hiyaan at kasalanan
O kasama pa rin ba ito sa kanyang kahibangan?

Kung sa tingin mo ama ay naging isang masamang tao kaming mga anak mo
Bakit halong galit, habag at awa ang nadarama namin para sa iyo?
Bigyan ka sana nang Diyos ng mahabang buhay pa
Para mo makita ang ating pagkaka iba.

***Naging inspirasyon ko ang mga nalalathala ngayon sa mga pahayagan- ama na sumasamantala sa sariling mga anak, ama na mapagpabaya, ama na walang hangad kung hindi ang sariling kamunduhan at kaligayahan. Huwad na ama na mas mahal pa ang ibang tao pero walang man lang malasakit sa sariling mga anak.